MEMBER
CAPEI
CAVITE ASSOCIATION OF PUBLISHERS & EDITORS, INC.

# CAVITE NGAYON

THE TRUTH SHALL SET US FREE
TAGASULONG SA KAUNLARAN
YEAR 45 NO. 13 ISSN NO. 2619-8533 AUGUST 31-SEPTEMBER 6, 2026 P10.00 PER COPY

# DOH CALABARZON, Target Mabakunahan ang 1.3 Milyong Bata sa Ligtas Tigdas 2026

**CALABARZON — Target ng Department of Health–Center for Health Development (DOH-CHD) CALABARZON na mabigyan ng bakuna ang mahigit 1.3 milyong batang edad 6 hanggang 59 buwan bilang bahagi ng nagpapatuloy na Ligtas Tigdas 2026: Measles-Rubella Supplemental Immunization Activity sa rehiyon.**




**Si Dr. Rosa Maria Balisnomo-Rempillo, Assistant Regional Director ng DOH-CHD CALABARZON, sa panayam tungkol sa nagpapatuloy na Ligtas Tigdas 2026 vaccination campaign sa rehiyon.**

Ayon kay Dr. Rosa Maria Balisnomo-Rempillo, MCHM, CESE, Assistant Regional Director ng DOH-CHD CALABARZON, mahigit 600,000 bata na ang nabakunahan sa rehiyon.

Aniya, katumbas ito ng humigit-kumulang 47 porsyento ng kanilang target. Gayunman, malayo pa ito sa kabuuang 1.3 milyong batang nais mabakunahan ng kagawaran, kaya patuloy ang kampanya upang mahikayat ang mas maraming magulang na pabakunahan ang kanilang mga anak.

Layunin ng supplemental immunization activity na mapalawak ang proteksiyon ng mga batang edad 6 hanggang 59 buwan laban sa measles (tigdas) at rubella.

Samantala, dahil

Turn to page6

## President Marcos Advances Access to Quality Health Care as Philhealth-St Lukes's Formalize Landmark Partnership

President Ferdinand Marcos Jr. advances efforts to expand access to quality health care as PhilHealth and St. Luke's Medical Center – Global City formalize a partnership through a Memorandum of Agreement (MOA), with the Department of Health (DOH) and Department of Social Welfare and Development (DSWD), supporting the initiative.


Pres. Ferdinand Marcos Jr.

President Ferdinand Marcos Jr., DOH Secretary Dr. Edwin M. Mercado, and DSWD Secretary Rex Gatchalian graced the signing ceremony with PhilHealth Acting President and CEO Dr. Beverly Lorraine C. Ho and St. Luke's Medical Center President and CEO Dr. Dennis P. Serrano.

In his key address, President Marcos Jr. underscored the critical role of public-private partnerships in expanding access to healthcare. He noted that stronger partnerships with private institutions like St. Luke's Medical Center – Global City help ensure Filipinos have access to world-class medical care under PhilHealth's No

Turn to page4

## JENNIFER BARZAGA WINS CAVITE 4TH DISTRICT SPECIAL ELECTION

**Dasmariñas City Mayor Jennifer Barzaga has been proclaimed the new representative of Cavite's 4th District after securing 201,893 votes in Saturday's special election, August 29, 2026.**

**Barzaga will fill the congressional seat previously held by her son, Kiko Barzaga, who was expelled from the House of Representatives in June.**



## CARSIGMA Basura Palit Bigas, Umabot na sa Ika-11 Barangay sa GMA

GMA, Cavite — Umabot na kamakailan sa ika-11 barangay sa bayan ng GMA ang CARSIGMA Basura Palit Bigas Program, isang inisyatibong naglalayong hikayatin ang mga residente na makiisa sa wastong pamamahala ng basura habang nakatatanggap ng bigas bilang kapalit ng mga na-

Turn to page6



CAVITE NGAYON

VEN L. ZOLETA
+Founder

BAYANI N. ZOLETA
Publisher/Editor-in-Chief
ELIZABETH S. ZOLETA
Office Manager
HELEN N. ZOLETA
Comptroller

ELEONOR S. BANAD PAULA S. ZOLETA
Advertising

LOLITZ ESTRELLADO
Editor

Advertising Rates
P160.00 per col.cm Legal Notices
P200.00 per col.cm Commercial Ads
Subscription Rates
P180.00 6 months
P360.00 1 year

OFFICIAL WEBSITE:
www.cavitengayon.com

Office Address:
271 Virata Subd., Palico 3, Imus, Cavite
Cellphone Nos. 0969-0102911; 0916-3008472 and 0939-5282046
Telephone No. (02) 86870607

Cavite Ngayon is published weekly with circulation in the cities and province of Cavite.

MEMBER:
PAPER.Ph Est 2019
CAPEI CAVITE ASSOCIATION OF PUBLISHERS & EDITORS, INC.


# DOH, nagbabala sa publiko vs. leptospirosis

TRECE MARTIRES CITY, Cavite - Nagbigay ng babala ang Department of Health (DOH) at nagpaalala sa publiko na mag-ingat laban sa leptospirosis na dumarami ang kaso dulot ng habagat at sunod-sunod na bagyo.

Ayon sa DOH, nakapagtala na ang kagawaran ng 220 ilang ng mga namatay dahil sa leptospirosis mula Enero 2026 hanggang Agosto 8, 2026, subalit sa kabuuan ay mayroon ng 3,440 kaso ngayong taon.

Ayon kay Dr. Anne Dominique Asis- Matuba, DOH Disease prevention and Control Medical Officer, dapat mag- ingat ang lahat, umiwas sa paglusong sa baha at maglaro dito. Kung hindi umano maiiwasan, magsuot ng bota at maglinis agad ng buong katawan sa bahay pagkatapos, lalo na kung may sugat sa katawan.

Ayon pa sa nasabing opisyal, importante rin na sa loob ng 24-48 oras matapos na malantad sa baha kumunsulta sa doktor o sa isang pinakamalapit na health center.

Bingyang- diin ng DOH na ang leptospirosis ay nakamamatay kung hindi maagapan kaya't mahalaga ay maagap na pagkonsulta sa manggagamot

Higit sa lahat. umiwas sa baha. Pinayuhan din ng DOH ang mga magulang na bantayan ang kanilang mga anak, huwag pabayaang maglaro sa baha o maligo sa ilog para sa tiyak na kaligtasan ng mga ito.

AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
CALABARZON
EXCELLENT EXTENSION SERVICES BEYOND BOUNDARIES

# Kultura ng Inobasyon patuloy na isinusulong sa pamamagtan ng ATI EnGAgE: Innovation and Project Pitching Activity 2026




Binigyang-daan ng ATI EnGAgE: Enhancing Governance in Agri-Fishery Extension through Innovation and Project Pitching Activity 2026, na may temang “Co-creating Solutions for the Advancement of AF Extension,” ang sama-samang pagbuo at paghahain ng mga makabagong proyektong maaaring makatulong sa pagpapahusay ng mga proseso at pagpapalakas ng serbisyong pang-extension ng Department of Agriculture–Agricultural Training Institute (DA-ATI) CALABARZON. Isinagawa ang aktibidad ngayong Agosto 28 sa DA-ATI CALABARZON Training Hall sa Trece Martires City, Cavite.

Nagsilbing plataporma ang aktibidad upang maipresenta ng mga kawani ng ATI ang kanilang mga makabagong konsepto ng proyekto na naglalayong tugunan ang mga umuusbong na pangangailangan, pagbutihin ang mga sistemang pang-organisasyon, at higit pang palakasin ang paghahatid ng mga serbisyong pang-extension sa sektor ng agrikultura at pangisdaan.

Sa kabuuan, sampung (10) konsepto ng proyekto ang itinampok na sumasaklaw sa pagpapaunlad ng kabataan, agrikultura at nutrisyon, mga digital na sistema, real-time monitoring, pamamahala ng yamang-tao, napapanatiling agrikultura, at paggamit ng



teknolohiya sa pagkatuto.

Bilang pagkilala sa natatanging pagpapakita ng husay sa paghahain ng konsepto ng proyekto, kinilala si Bb. Cristine Jan Beler mula sa Information Services Section (ISS) bilang Best Project Pitcher.

Sa pagtatapos ng programa, nagbigay ng mensahe

Turn to page6

# ACE on TRADE in DTI REGION 4A

**The Department of Trade and Industry (DTI), through the Bureau of Import Services (BIS), in collaboration with DTI Region 4A, conducted the Awareness Campaign & Education on Trade Remedies and Trade Related Matters (ACE on Trade) on August 26, 2026, at Hotel Casiana & Events Center, Tagaytay City, Cavite.**

The one-day learning session gathered Micro, Small, and Medium Enterprises (MSMEs) from across the CALABARZON region, providing them with information on trade remedies, international trade policies, import and export procedures, trade transparency, and supply chain and logistics.

The activity was attended by the DTI Region 4A Provincial Directors, headed by Regional Director Marissa C. Argente and Assistant Regional Director Revelyn A. Cortez, together with the Business Development Division (BDD) Division Chiefs and staff from DTI 4A.

The program opened with welcome remarks from Regional Director Argente, followed by opening remarks from Undersecretary Ceferino S. Rodolfo, DPA, Supervising Head of the Industry Development and Investment Promotions Group (IPG).

Sessions covered trade remedies and formal investigation practices, presented by the DTI-Bureau of Import Services and Tariff Commission, respectively. Participants were also introduced to the Philippine National Trade Repository (PNTR), gaining practical knowledge on accessing Philippine trade-related rules, regulations, and requirements and navigating the online repository.

The afternoon sessions focused on free trade agreements, import and export requirements and rules on proofs of origin, market trends and export procedures and strategies, and supply chain and logistics support for MSMEs. The Supply Chain and Logistics Center (SCLC) was presented as DTI’s go-to hub for supply chain and logistics-related services, highlighting its connections to logistics service providers and industry resources that MSMEs can tap to address their logistics needs.

The activity also featured an industry perspective from DSV Global Transport and Logistics, which shared best practices in warehouse operations and distribution that MSMEs can apply to strengthen their business operations.

The activity concluded with closing remarks from BIS Director Maria Guiza Lim, who emphasized the importance of equipping MSMEs with the knowledge and resources needed to navigate the evolving trade environment.

DTI aims to equip MSMEs with knowledge, resources, and industry connections to help them navigate trade requirements, explore market opportunities, and enhance their competitiveness in the domestic and global market.



# Editorial:

## National Heroes Day

**Sa darating na Lunes Agosto 31, 2026 ay holiday walang pasok ang mga eskwelahan at mga tanggapan ng nasyonal at lokal na pamahalaan.**

**Tanong ng ilang estudyante at mga senior citizen " Ay bakit holiday anong meron?"**

**"Sagot ng isa pang senior citizen, " Bakit nga ba? Baka naman birthday ni PBNM he,he,he."**

**Nakalagay sa 2026 na kalendaryo, Agosto 31, kulay pula, at National Heroes Day. Araw ng mga Bayani.**

**Marami na ang makalimot. Hindi na natatandaan ang kahalagahan ng araw na ito.**

**Hindi dapat kalimutan ang Araw ng mga Bayani. Ang mga bayani o heroes ng bansang Pilipinas ang nagsikap at nagbuwis ng kanilang buhay para sa kalayaang tinatamasa ng lahat ng mga Pilipino sa kasalukuyan.**

**Jose Rizal, Apolinario Mabini, Andres Bonifacio, Manuel Luis Quezon, Lapu Lapu at marami pang iba.**

**Sila ang nanguna sa pakikipaglaban sa mga dayuhang nagtangkang sakupin ang Pilipinas. Subalit dahil sa katapangan, katatagan, tibay ng dibdib at pananampalataya sa Diyos ng mga bayaning ito, hindi nagtagumpay ang mga mananakop.**

**Ang Pilipinas ay para sa mga Pilipino, at ang kalayaan ng bawat Pilipino ay hindi dapat sagkaan ng sinumang dayuhan.**

**Malinaw ang mga prinsipyo at paninindigan ng mga bayaning Pilipino. At dapat, sundin at tularan ng lahat, gawing inspirasyon sa araw-araw na pamumuhay.**

**Iyang pag-aalala, pag-gunita sa kanilang kabayanihan at paglalaan ng kahit isang araw lang para sa kanilang mga nagawa ay dapat na igalang ng lahat.**

**National Heroes Day. Araw ng mga Bayan. Tandaan natin iyan, at gawing gabay sa paninindigan walang ang bansang Pilipinas, kasama rito ang Philippine Sea (WPS) ay para sa mga PILIPINO, at HINDI KUNG KANI-KANINO.**

# Bam Aquino seeks to increase social pension for senior citizens to P1,000

Aiming to provide assistance to more senior citizens, Senator Bam Aquino wants to expand the coverage of the Expanded Senior Citizens Act of 2010 and increase the monthly social pension for qualified senior citizens to P1,000.

Aquino’s Senate Bill No. 269 seeks to provide a P1,000 monthly social pension to senior citizens who do not receive a social pension or who receive a pension of no more than P3,000, giving them a regular and predictable source of income they can use for everyday expenses, medical needs, and emergencies.



“As we grow older, it becomes more difficult to generate income. Many of our lolos and lolas face barriers to staying employed after the age of 60 due to physical limitations, age-based discrimination, or the lack of opportunities tailored to their skills,” he explained.

“Unlike irregular or informal sources of support, a pension allows recipients to manage their resources with more certainty. This reduces stress, promotes better well-being, and allows older people to make personal choices about how their money is spent,” he added.

Aquino pointed out that a reliable social pension can also ease the financial burden on families who may already be struggling with their own everyday expenses, such as food, medicine, and educational needs.

Turn to page5

# SUPORTA SA MODERNISASYON NG INDUSTRIYA NG PAG-IITLOG







**Suportado ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ang pagsisikap ng Department of Agriculture (DA) at Department of Science and Technology (DOST) na gawing mas moderno at episyente ang industriya ng itlog sa bansa.**

Bumisita ang Pangulo ngayong araw, kasama si Agriculture Secretary Francisco P. Tiu Laurel Jr., sa P300-milyong egg processing facility ng Batangas Egg Producers Multi-purpose Cooperative (BEPCO) sa San Jose, Batangas, na kinikilala bilang “Egg Basket of the Philippines.”

Layunin ng pasilidad na mapataas ang halaga ng milyon-milyong itlog na ginagawa araw-araw sa San Jose sa pamamagitan ng pasteurization, cold storage, at paggawa ng powdered egg products.

Ayon kay Pangulong Marcos, makatutulong ang modernong processing at storage facilities upang mabawasan ang food waste, mapatatag ang suplay, maprotektahan ang kita ng mga egg farmers, at mapanatiling abot-kaya ang presyo ng itlog para sa mga mamimili.

# DENR EXPRESS, INILAPIT ANG SERBISYO SA MGA CAVITEÑO SA BACOOR




BACOOR CITY, Cavite — Kasalukuyang isinasagawa ang DENR Express: Permitting on Wheels (POW) sa Fynn Boutique Hotel, Bacoor City, Cavite, mula Agosto 26-27, 2026, upang ilapit sa mga Caviteño ang mga serbisyo ng DENR CALABARZON at gawing mas madali ang pag-asikaso ng kanilang mga transaksyon sa ahensya.

Sa pamamagitan ng POW, maaaring makakuha ang mga residente, negosyo, lokal na pamahalaan, at iba pang sektor ng tulong at serbisyo kaugnay ng mga aplikasyon, permit, clearance, at iba pang teknikal na transaksyon nang hindi na kinakailangang magtungo pa sa mismong tanggapan ng DENR.

Layunin ng programa na gawing mas mabilis, mas madali, at mas abot-kamay ang mga frontline service ng ahensya, lalo na para sa mga kliyenteng nangangailangan ng gabay at agarang aksyon sa kanilang mga transaksyon.

Kabilang ito sa patuloy na pagsisikap ng DENR na ilapit ang serbisyo sa mga komunidad at mabawasan ang oras, gastos, at iba pang hamon na maaaring kaharapin ng publiko sa pagproseso ng kanilang mga dokumento at aplikasyon.

Noong nakaraang buwan, isinagawa rin ang DENR Express sa Trece Martires City, Cavite, kung saan maraming residente ang nabigyan ng pagkakataong maasikaso ang kanilang mga pangangailangan sa DENR nang mas malapit sa kanilang lugar.

Ang mga nais makinabang sa mga serbisyong hatid ng DENR Express: POW ay maaaring magtungo sa 6th Floor, Steel Function Hall, Fynn Boutique Hotel, Bacoor City, Cavite, hanggang Agosto 27. Ang kumpletong listahan ng mga serbisyong inaalok at iba pang detalye ay makikita sa link na ito: https://www.facebook.com/share/p/165o5F4skUp/.


Mag- ingat sa.....
BANTA NG
LEPTOSPIROSIS



**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**BRANCH 17**
**CAVITE CITY**
**Email: rtccav017@judiciary.gov.ph**
**HOTLINE NUMBER: 0953-683-8322**

**IN THE MATTER OF GUARDIANSHIP OVER THE PERSON AND PROPERTIES OF RUTH SALOMON ENCARNACION,**

**SPEC. PROC. NO. N-9647**

**EMILY ROSE ENCARNACION ILLO,**
**Petitioner,**
x------------------------------------------------------x

**NOTICE OF HEARING**

A verified Petition has been filed by MS. EMILY ROSE ENCARNACION ILLO, praying that after due notice and hearing, a judgment be rendered declaring Ruth Salomon Encarnacion as an incompetent; appointing Rhoda Salomon Gonzales as Legal Guardian over the persona of Ruth Salomon Encarnacion and her properties; and issuing the corresponding letters of guardianship in favor of the proposed guardian.

It appearing that the petition and its attachments are sufficient in form and substance, hearing of this petition is set on **OCTOBER 13, 2025** at 8:30 in the morning on which date, hour and place, interested parties are cited to appear and show cause why the same should not be granted.

Let a copy of the Notice be served, personally or via registered mail, upon all interested parties and be published in a newspaper of general circulation in the province and City of Cavite, once a week for three (3) consecutive weeks before the scheduled date of hearing.

WITNESS THE HON. ROWENA R. MOJARES-AREVALO, Presiding Judge of this Court, this 25th day of August 2026.

**MICHAEL R. VALENCIA-DE GUZMAN**
Clerk of Court V

**CN; AUG. 31, SEPT. 7 & 14, 2026**

# *UPLB rental housing project seeks to benefit students, low-income families under 4PH program*

LOS BAÑOS, Laguna (PIA) — In a bid to address the country's housing shortage, the Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD) and the University of the Philippines Los Baños (UPLB) are set to begin full-scale construction of the Pambansang Pabahay para sa Pilipino Program (4PH) rental housing project in Barangay Paciano Rizal, Bay, Laguna, following a recent concrete-pouring ceremony.

According to DSHUD, the said UPLB-Expanded 4PH rental housing project will provide initial 320 housing units for qualified beneficiaries, including low-income employees and students of UPLB, as well as informal settler families within the university.

"Layunin ng Expanded 4PH ni PBBM ang matugunan ang pangangailangan ng ating mga kababayan para sa disente, ligtas, at abot-kayang pabahay. Ang concrete pouring na ito ay hakbang papalapit sa pagbibigay ng mas maayos at mas may dignidad na pamumuhay sa ating mga benepisyaryo," Secretary Aliling said in an official post.

The project's realization was made possible through the close collaboration between the Urban Housing Department and the UPLB leadership, with full-scale construction set to commence five months after the groundbreaking ceremony held last March. The project will mark the end of a 45-year wait for a government housing project at UPLB, following the last housing project implemented during the administration of the late President Ferdinand E. Marcos Sr.

According to UPLB, an estimated 800 individuals including low-income employees and informal settlers will benefit from the project, addressing the housing shortages for the university's personnel and families under the 4PH program.

President Ferdinand R. Marcos Jr. has directed the housing department to expand and recalibrate the flagship 4PH program to ensure that the government further reaches the low-income and marginalized Filipinos in the country. (COP/PIA CALABARZON with reports from DSHUD, UPLB)

# Cavite OFW families gain skills on food processing through livelihood training

The Provincial Government of Cavite, through the Office of the Provincial Cooperatlves Development Officer (OPCDO), conducted a livelihood training on food processing on August 25, 2026, at the Office of the Provincial General Services Office (OPGSO) Pantry Area of the New Provincial Government Center in Trece Martires City.

The training was attended by 40 family members of Overseas Filipino Workers (OFWs), who were provided with practical knowledge and skills in food processing as an avenue for additional income and livelihood opportunities.

The activity aimed to equip participants with basic food processing techniques that they can potentially apply in starting or expanding small-scale livelihood ventures. Through hands-on learning and practical demonstrations, the participants gained valuable skills that may help them develop food products for personal consumption or commercialization.

The initiative forms part of the Provincial Government's continuing efforts to empower OFW families by providing them with skills and opportunities that can contribute to their economic stability and self-reliance.

Through programs such as this, the PGC continues to support OFW families by promoting livelihood development and providing avenues for them to acquire practical skills that can translate into sustainable sources of income. — OPIO




# Pres. Marcos Advances Access...from page1

Co-Pay policy for basic accommodation.

"Walang pinipiling tao ang sakit. Anyone can suddenly face the medical emergency that requires immediate treatment or specialized care. This administration remains committed to making quality health care accessible and affordable to more Filipinos. Malinaw ang ating hangarin, hindi dapat maging hadlang ang kakulangan sa pera para makakuha ng kinakailangang atensiyong medikal," President Marcos Jr. expressed.

The agreement will facilitate collaboration on key healthcare reforms, the establishment of performance-based incentive systems for healthcare providers, and the support of evidence-based policymaking and research. In addition, St. Luke's — Global City will maintain at least ten percent (10%) of its total bed capacity as basic or ward accommodation, enabling access to the hospital's advanced medical services with zero co-payment for eligible members and covered cases and services.

"The Universal Health Care Act guarantees every Filipino immediate eligibility and access to necessary care whenever they need it. On our end, PhilHealth will ensure that shared commitments are not just admirable but sustainable through clearer benchmarks, recognition of efficiency, and appropriate payment design as intended by the UHC Act," said Dr. Ho.

Meanwhile Dr. Serrano stated, "We recognize the vital role that PhilHealth plays in providing financial protection and expanding access to healthcare. By working together, we can help eligible patients better understand and maximize their benefits while making their healthcare journey more seamless and responsive."

The collaboration reflects a growing role for public-private partnerships in shaping healthcare reforms, with both institutions working toward practical solutions that strengthen the National Health Insurance Program and improve the delivery of health services.

JA Sports




*PLAY
*CONNECT
*COMPETE

JA Sports Center sa Tayabas-Pagbilao Road, Brgy. Mateuna, Tayabas City.



**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**TRECE MARTIRES CITY**

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee,

**FORECLOSURE CASE NO. F-511-26**

-versus-

**CARLOS M. BUÑI, JR.,**
Debtor/Mortgagor.
x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgagee, **BDO UNIBANK, INC.**, with business address at 33rd Floor, BDO Corporate Center Ortigas, No. 12 ADB Avenue, Mandaluyong City against the Debtor/ Mortgagor, **CARLOS M. BUÑI, JR.,** with postal addresses at (1) Lot 17, Block 7 Phase 1, Villa Celina Subd., Bayan Luma 7, Imus, Cavite (occupied by Mortgagor); and (2) Lot 1, Block 4, Phase 1 Somerset, Brgy. Navarro, General Trias, Cavite (currently occupied), to satisfy the mortgage indebtedness which as of June 19, 2026 amounts to **FIVE MILLION SEVENTY FOUR THOUSAND FOUR HUNDRED FIFTY FIVE PESOS and 23/100 (PhP5,074,455.23)**, Philippine Currency, including interest, penalties and other charges as of said date but exclusive of all other expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **29 SEPTEMBER 2026** at 10:00 o'clock in the morning until 12:00 o'clock noon at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder for CASH and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-2024019119**

A parcel of land (Lot 1, Blk. 4 of the subdivision plan, Psd-04-222033, being a portion of Block 11, Pcs-04-026272) situated in the Barangay of Navarro, Municipality of Gen. Trias, Province of Cavite, Island of Luzon. Bounded on the SE., along line 1-2 by Lot 2, Block 4; on the SW., & SE., along lines 2-3-4 by Lot 40, Block 4 (O.S.); on the SW., along line 4-5 by Lot 3, Block 4; on the NW. & NE., along lines 5-6-7 by Road Lot 7 and on the NE., along line 7-1 by Road Lot 4, all of the subdivision plan. Beginning at a point marked "1" on plan x x x containing an area of ONE HUNDRED TWENTY NINE (129) SQUARE METERS, more or less x x x

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **06 OCTOBER 2026** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon, if any there be.

Trece Martires City, 28 AUGUST 2026.

**ANDRES B. ESPINA**
Sheriff IV

Copy Furnished:

BDO UNIBANK, INC.
CONSUMER REMEDIAL MANAGEMENT
33rd Floor, BDO Corporate Center Ortigas
No. 12, ADB Avenue, Mandaluyong City

MR. CARLOS M. BUÑI, JR.
(1) Lot 17, Block 7 Phase 1, Villa Celina Subd., Bayan Luma 7, Imus, Cavite
(2) Lot 1, Block 4, Phase 1 Somerset, Brgy, Navarro, General Trias, Cavite

WARNING: It is absolutely prohibited to remove deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale.

**Publication: CAVITE NGAYON**
**Dates: AUG. 31, SEPT. 7 & 14, 2026**

# IMUS CITY: River Rangers, Naglinis ng mga Ilog at Daluyan ng Tubig




**Buong puwersang naglunsad ang river rangers ng malawakang paglilinis sa mga ilog at daluyan ng tubig ng mga barangay ng Buhay na Tubig, Alapan 1-A at B, Malagasang 1-G, at Malasagasang 2-C mula Agosto 24 hanggang 29, 2026.**

**Pinapaalalahanan din ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang mga Imuseño na huwag magtapon ng kanilang mga basura sa mga lansangan, higit sa mga daluyan ng tubig dahil maaari itong magdulot ng pagbabara at mauwi sa pagbaha.**

**Ang lingguhang paglilinis ng river rangers ay matagal nang programa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, katuwang ang Provincial Environment and Natural Resources Office.**

# Gandang Buntis 2026 sa Tagaytay City



**Gandang Buntis 2026, tampok ang kalusugan at kagandahan ng mga nanay sa Tagaytay City!**

**Dalawampu't apat na buntis mula sa iba't ibang barangay ng lungsod ang lumahok sa Gandang Buntis 2026, isang inisyatibang naglalayong itaguyod ang malusog na pagbubuntis, wastong nutrisyon, at pangangalaga sa kalusugan ng mga ina at kanilang mga sanggol.**

**Inorganisa ito ng City Nutrition Office at City Health Office ng Tagaytay City bilang bahagi ng patuloy na pagsusulong ng maternal at child health sa komunidad. | via Cecille Maloles - PIA CALABARZON**




# Bam Aquino seeks to increase...from p3

